Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised April 11, 2022

ST103 Revelation About God
1 of 2

Introduction

Kapag tinanong mo ang wikipedia.org kung ilan ang world population as of 2021, ang estimate na makukuha mo ay 7.9 billion. Out of 7.9 billiong katao, 2.6 billion ang considered Christians. Out of 2.6 billion Chistians, 1.3 billion are Catholics, 400 million are Historical Protestants, 450 million are Modern Protestants at 240 million ang Eastern Orthodoxy. Ang population ng Pilipinas ay 112 million. Sa 112 million na Pilipino around 2.8%, or 3 million, are evangelicals. Ang mga evangelicals ay naniniwala na ang Bibliya ang final authority for faith and practice.

Para sa mga Evangelicals, ang Bibliya ang may taglay ng mga kuwento patungkol sa realidad at taglay ng Bibliya ang pagpapahayag ng Diyos tungkol sa Kanyang kalikasan, mga katangian, kalooban at layunin para sa tao at sa mundo. Kaya ang pag-aaral ng Bibliya ay mahalaga para sa kanila.

Part 1: Ang Diyos

1a. Ang Creator God. Ang unang pahayag ng Bibliya ay ang declarasyon na sa simula ay nilikha ng Diyos ang langit at lupa. At ito ay Kanyang pinatupad sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita. Ito ang tinatawag na *divine fiat*; salita lang ng Diyos at mangyayari ang nais Niyang mangyari. At nilalang ng Diyos ang sansinukob mula sa wala. Ito naman ang tinatawag na *Ex Nihilo*, out of nothing. Ang Diyos ng Bibliya ay ang Creator God; at ang Kanyang walang hanggan at walang kapantay na kapangyarihan ay mauunawaan dahil sa Kanyang sangnilikha.

1b. Ang Sovereign God. Ang Diyos ang punong-hari. Ang karangalang ito ay tatawagin nating soberenidad ng Diyos. Walang sino man o ano man ang nasa labas ng Kanyang pamamahala. Ang pag-itan ng Kanyang kapangyarihan at ng kapangyarihan ng anumang nilalang ay hindi kayang sukatin sapagkat napakalaki ng agwat ng dalawa. Ang soberenidad ng Diyos ay nangangahulugan na ang Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan ay walang katapusan, at gagawin Niya ang Kanyang mga naisin, kung kailan Niya naisin at kung sa anumang kadahilanan para sa Kanyang kaluguran. Ang Diyos ng Bibliya ay ang Sovereign God, at Siya ang namamahala ng sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang probidensya. Ito ang katungkulan na Kanyang inako para sa Kanyang sarili.

Sa Isaiah 46:9-10 ito ang sinabi ng Diyos: Ako ang Diyos, at wala nang iba pa. Ibinubunyag Ko ang katapusan mula sa simula, at noong simula ang mga hindi pa nangyayari. *Gagawin Ko ang lahat na kasiya-siya sa akin.* Taglay ng Sovereign God ang lahat ng kaalaman.

1c. Ang Covenant God. Ang kasunduan ng Trinity sa eternidad (sa labas ng time and space) at ang pagpapatupad nito ay ang paksa ng Covenant Theology; centro rito ang paghihirang, pagtutubos at paghihiwalay ng bayan ng Diyos. Ang Ama ay humirang ng Kanyang bayan, ang Anak ang tutubos sa kanila at ang Banal na Espiritu ang maghihiwalay sa kanila.

Sa pagpapatupad ng eternal purpose na ito ng Trinidad, kinakailangan Nilang makipagtipan sa isa't isa: Ang Ama ay hihirang ng Kanyang aariing bayan, ang Anak ang tutubos sa kanila mula sa kanilang kasalanan at ang Banal ng Espiritu ang maghihiwalay at magtatatak sa kanila.

Ang covenant ay ang pagbibitaw ng Diyos ng Kanyang salita tungkol sa anumang bagay na naisin Niyang bigyang diin at pansin sa Kanyang kausap. Sinasabi sa Jeremiah 33:3 at Hebrews 1:3 na nakipagtipan ang Diyos sa araw at gabi, tinatag Niya ang batas na sumasakop sa langit at lupa, at pinailalim Niya ang kaayusan ng sansinukob sa kapangyarihan ng Kanyang salita. Ang mga talatang tulad nito na taglay ng Bibliya ang nagpapaalala sa atin na ang salita ng Diyos ay hindi nasisira.

Mainam na bigyang pansin ang mga sumusunod na ginawang pakikipagtipan ng Diyos sa kasaysayan ng mundo:

1. Ang Adamic covenant. Sinabihan ng Diyos si Adan kung paano siya makakapanatiling buhay at makaiiwas sa kamatayan – *huwag kakain ng bunga sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama*.
2. Ang Noahic covenant. Binitawan ng Diyos ang salita na hindi Niya muling gugunawin ang mundo sa pamamagitan ng tubig.
3. Ang Abrahamic covenant. Binitawan ng Diyos ang pangako na pararamihin Niya ang angkan ni Abraham at pagkakalooban sila ng lupa.
4. Ang Mosaic covenant. Nakipagkasundo ang Diyos sa bayan ng Israel kung paano makatatanggap ng pagpapala at makaiiwas ng parusa.
5. Ang Davidic covenant. Binitawan ng Diyos ang salita na ilululok Niya ang isang kalahi ni David na uupo sa trono ng kaharian ng bayan ng Diyos magpakailanman.
6. Ang eternal covenant. Ang gagawing pagliligtas ng Anak ng Diyos sa Kanyang bayan mula sa parusa ng kanilang kasalanan – ang kamatayan.

1d. Ang Triune God. Ang salitang Trinity ay hindi matatagpuan sa Bibliya. Subalit, maliwanag na tinuturo ito ng Bibliya – isang Diyos sa tatlong persona. Ang doctrinang ito ay hindi matatanggap ng mga naniniwala na isa lamang persona ang Diyos kaya ipagpipilitan nila na ang Christian Religion ay nagtuturo na may tatlong Diyos. Maski anong uri ng paliwanag ang gawin ng mga true Christian believers ay hindi ito tatanggapin sa labas ng kanilang communidad.

Iba't ibang paliwanag ang ginagamit ng mga followers ni Cristo upang patunayan sa kausap na ang doctrina ng Trinidad stands to logic o naaayon sa tamang pangangatuwiran. Ang ginagamit ko ay ito: Isalarawan mo ang isang pitchel ng tubig. Ilang claseng tubig? Isa, na nasa pitchel. Now, ibuhos mo ang isang pitchel na tubig na iyan sa tatlong baso. Exacto. Ang tanong ngayon ay, Ilang claseng tubig ang nasa tatlong baso? Ang sagot ay isa. Lahat ng tubig sa tatlong baso ay galing sa isang pitchel. Ang tubig ay tubig saan man ito mapunta; ang components nito ay laging 2-parts hydrogen at 1-part oxygen. Ganoon din ang Diyos. Ang substance o ang Kanyang essense ay pareho kahit ilan mang persona ang may taglay nito. Hindi ko naman sinasabi na ang isang persona ng Diyos ay hinati sa tatlong bahagi. Ang aking sinasabi ay sa simula pa lamang mayroon ng tatlong basong tubig; mayroon nang tatlong persona na nagtataglay ng walang pinagkaibang kalikasan o mga katangian. Lahat ng tatlong persona ay exactong perfect being na wala nang hihigit pa na nagtataglay ng magkapareho at exactong katangian.

Sinasabi sa Romans 1:20 na nauunawaan ng lahat na may Diyos na nagtataglay ng eternal power at divine nature. Siya ay kinikilalang Supreme Being, ang kataas-taasang maybuhay sa Kanyang sarili.

At ang supreme being na nag-e-exist sa tatlong persona ay omnipotent (all powerful), omniscient (all-knowing), at omnipresent (present in all spaces in the universe, and beyond). Siya ay eternal (walang simula at walang katapusan), infinite (walang hangganan), independent (walang pangangailangan sa labas ng kanyang sarili), at marami pang iba.

Niliwanag din ni Jesu Cristo sa Kanyang mga pangangaral na mayroong tatlong persona ang nagtataglay ng kalikasan na natatangi sa Diyos lamang. At ihinayag Niya ang tatlong persona na ito bilang Ama, Anak at Banal na Espiritu. Samakatuwid, ang mga conceptong family at relationship ay nagmula sa Diyos ng Bibliya.

Sinasabi naman sa Genesis 1:1-2, John 1:1-3 at Psalm 33:6 na ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Banal na Espiritu ay magkakasama sa pagsilang ng sansinukob. Sinasabi sa Genesis 1:1-2 na: Sa simula ginawa ng Diyos ang mga langit at lupa. At ang lupa ay walang porma at hungkag, nakalatag ang kadiliman sa itaas ng kailaliman, at ang Espiritu ng Diyos ay pumapaibabaw sa tubig. Sinasabi naman sa John 1:1-3 at 14 na: Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Sa pamamagitan Niya ginawa ang lahat ng bagay; at walang ginawang kahit anong ginawa kung wala Siya. At ang Salita ay nagkatawang lupa at nanahan na kasama natin. Sinasabi rin sa Psalm 33:6 na ang kalangitan at ang mga bituin ay ginawa sa pamamagitan lamang ng hininga ng Kanyang bibig.

Tunay na ang doctrine of the Triune God ay unique sa Biblical Christianity.

Multiple Choice

1. Ang ibig sabihin ng divine fiat ay:
   a. Ang paglikha ay natupad dahil sa pagkilos ng Diyos.
   b. Ang paglikha ay natupad sa pamamagitan lamang ng isip ng Diyos.
   c. Ang pagpapatupad sa paglikha ng Diyos sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita.

2. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tama?
   a. Nilalang ng Diyos ang sansinukob mula sa wala at ang tawag dito ay Ex Nihilo.
   b. Nilalang ng Diyos ang sansinukob mula sa malalaking tipak ng lupa at bato at ang tawag dito ay Ex Nahilo.
   c. Nilalang ng Diyos ang sansinukob mula sa mga munting bagay na nakakalat sa paligid at ang tawag dito ay Ex Hinilo.

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi tamang pangungusap?
   a. Ang soberenidad ng Diyos ay nangangahulugan na ang Kanyang kapangyarihan at kapamahalaan ay walang katapusan
   b. Ang soberenidad ng Diyos ay nangangahulugan na kailangan ng Diyos ng katulong sa pamamahala ng sansinukob.
   c. Ang soberenidad ng Diyos ay nangangahulugan na gagawin Niya ang Kanyang mga naisin, kung kailan Niya naisin at kung sa anumang kadahilanan para sa Kanyang kaluguran.

4. Ang doctrina ng Trinity ay tumutukoy sa
   a. Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritung Banal na iisang Diyos na may tatlong persona
   b. Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritung Banal na tatlong Diyos
   c. Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritung Banal na iba't ibang antas ng pagka-Diyos

5. Ang kasunduan ng Trinity ay nangyari sa
   a. Eternity
   b. Sa loob ng time and space
   c. Sa labas at loob ng time and space

6. Ayon sa aralin natin, ano ang covenant?
   a. Ito ay pagtupad ng pangako natin sa ibang tao.
   b. Ito ay pagbibitiw ng isang salita sa ating kausap.
   c. Ito ay pagbibitiw nd Diyos ng Kanyang salita tungkol sa anumang bagay na Kanyang naisin Niyang bigyang diin.

7. Alin sa mga ginawang pakikipagtipan ng Diyos ang hindi tama?
   a. Noahic covenant kung saan sinabi ng Diyos na di na Niya muling gugunawin ang mundo sa pamamagitan ng tubig.
   b. Mosaic covenant kung saan nakipagkasundo ang Diyos sa Kanyang bayan kung paano makakatanggap ng pagpapala sa pamamagitan ng Mesias.
   c. Adamic covenant kung paano siyang makakapanatiling buhay at makaiiwas sa kamatayan kung di kakain ng pinagbabawal na bunga.

8. Alin sa mga sumusunod ang hindi tamang pangugusap ayon sa Romans 1:20
   a. Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang likas ng Diyos na hindi nakikita ay hindi maliwanag na naihayag ng kanyang mga ginawa.
   b. Nauunawaan ng lahat na may Diyos na nagtataglay ng eternal power at divine nature.
   c. Walang maidadahilan ang tao na hindi hayag ang ginawa ng Diyos sa Kanyang nilikha.

9. Ang Diyos ay
   a. All powerful, all knowing at may simula at walang katapusan
   b. Finite, independent at omnipresent
   c. Eternal, omnipotent at omniscient

10. Alin sa mga sumusunod na talata ang nagpapatunay na ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Banal na Espiritu ay magkakasama sa pagsilang ng sansinukob?
    a. John 3:16 at 1 John 1:9
    b. John 1:1-3 at Genesis 1:1-2
    c. John 1:14 at 1John 4:8

© Conrad Jun Tolosa 2022
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.